

Prologue



“**B**ilisan mo nang maligo, Samson, para maaga tayong makaalis. Malayo ang Cavite,” sigaw ng kanyang ina na si Delilah.

Madami ang natatawa kapag sinasabi niyang Delilah ang pangalan ng nanay niya. Akala ng mga kausap niya ay nagbibiro lamang siya.

“May kotse naman po tayo kaya mabilis lang ang biyahe natin,” sabi niya.

Pinandilatan siya nito nang lungunin siya.

“Maliligo na nga po,” aniya.

Takot siya sa nanay niya. Makulit siya pero ayaw niyang sumasama ang loob nito. Binilisan niya ang paliligo at mabilis ding nagbihis.

Tahimik ang nanay niya habang minamaneho ang secondhand na kotse nito.

“Bakit po tayo pupunta sa Cavite?” tanong niya sa ina. Naiinip na siya sa kanilang biyahe.

“Ibinalita ng Tita Dolor mo na malapit nang kunin ni Lord si Lolo Endong. Sana ay maabutan pa nating buhay siya,” paliwanag nito.

Tumahimik na siya. Hindi niya ka-close ang lolo niya. Siguro dahil hindi siya lumaking kasama ito. Tatlong beses lamang niya itong nakita. Bihira silang dumalaw rito sa Cavite.

Naalala ni Samson na masaya ang mga Pasko na na-celebrate niya sa Cavite. Madami kasing bata. Ibang-iba sa Pasko niya sa Makati.

Nakarating sila sa bahay ni Lolo Endong. Walang sumalubong sa kanila pagpasok sa gate na gawa sa kahoy. Nakita niyang lumabas mula sa isang silid si Tita Dolor, umiiyak. Nang makita nito ang kanyang ina ay lumapit ito at yumakap.

“Hirap na hirap na si Ama. Hindi ko kayang makita siyang nahihirapan nang ganoon.” Gumanti ng yakap ang kanyang ina at hinagod ang likod ng tita niya.

“Baka may anting-anting siya kaya ganoon. Kanino ba niya maaaring ipasa ang anting-anting?” tanong ng kanyang ina.

“Ako na lamang ang natitira niyang anak na buhay,” humihikbing sagot ng tita niya.

Uso pa pala sa panahong ito ang anting-anting? ani Samson sa sarili.

Bakit kaya hindi pwedeng ipasa sa nanay niya? Pagkatapos, ipapasa naman sa kanya ng nanay niya para may anting-anting siya. Ang astig niya kapag napunta sa kanya ang anting-anting. Wala nang mang-aaway sa kanya.

“Anak, makipaglaro ka muna sa mga pinsan mo sa labas,” mahinahong sabi ng nanay niya nang humarap ito sa kanya.

Sayang, gusto sana niyang makita kung paano isinasalin ang anting-anting. Nabasa siguro ng nanay niya ang nasa isip niya. Wala siyang nagawa kundi ang lumabas.

Hindi na niya maalala kung sino sa mga batang nagkalat sa paligid ang mga pinsan niya. Nagpunta na lamang siya sa hardin. May mga upuan at mesa doon. Ang bilog na mesa ay gawa sa bakal, pati na rin ang apat na upuang nakapalibot doon.

“Ikaw ba ang apo ni Lolo Endong na taga-Maynila?” tanong sa kanya ng isang batang lalaki nang makaupo siya sa damuhan. Siguro ay nasa sampung taong gulang ang batang nagtanong.

“Ah, oo, ako nga. Ako si Samson,” pakilala niya rito. Iniabot niya ang kamay.

Nakangiting tinanggap nito iyon. “Ako si Reynard. Rey na lang. Maganda ba talaga sa Maynila? Ano’ng tinitirhan n’yo doon?” Naupo rin ito sa damuhan.

“Ah, saktong lang naman. Madaming sasakyan, maingay, at mausok. Wala akong makalaro doon. Sa condo kami nakatira ni Nanay. Nasa 7th floor ang unit namin kaya sumasakay pa kami ng elevator,” kwento niya sa batang kaharap.

“Wow, ang yaman n’yo naman. May kotse pa kayo. Hindi pa ako nakakasakay sa elevator. Ano’ng pakiramdam?”

“Hindi naman kami mayaman—”

“Kuya! Narito ka lang pala. Kanina ka pa hinahanap ni Papa. Nagagalit na,” sigaw ng isang batang babaeng nakasalamina.

“Uuwi muna ako, Samson. Hinahanap na ako ni Papa,” paalam ni Rey sa kanya.

Tumango siya at tiningnan ang batang babae. Nakatayo ito sa harap ng pintuan ng bahay ni Tita Dolor, sumilip sa loob at tumakbo din agad paalis. Parang may nakita itong nakakatakot sa loob ng bahay.



“Samson, dito ka lang muna, ha. Makipaglaro ka muna sa mga pinsan mo,” bilin ng ina nang makita siya sa labas ng bahay.

Napansin niya na mapula ang mga mata ito at panay rin ang singhot.

“Sige po.” Hindi na siya nagtanong kung saan ito pupunta. Umalis ito kasama ang ibang matatanda.

Pumasok siya sa loob ng bahay at nakita niya si Tita Flor, hipag ni Tita Dolor, na lumabas mula sa silid ni Lolo Endong.

“Samson, aba’y malaki ka na pala. Ilang taon ka na?” nakangiting tanong nito sa kanya. Bakas din sa mga mata nito ang ginawang pag-iyak.

“Eight na po,” magalang niyang sagot. Tinuruan siya ng nanay niya na maging magalang sa lahat ng taong makakausap niya.

“Aba nga naman. Halika muna sa loob at magmano ka sa lolo mo.” Pumasok sila sa silid ni Lolo Endong.

Nakita niya ang lolo niya na nakahiga, tuwid na tuwid at hindi gumagalaw.

“Tita, patay na po ba si Lolo?” tanong niya.

Tumango ang kanyang tita at pumatak ang luha mula sa mga mata nito.

“Bakit po kailangan ko pang mag-bless sa

kanya?”

“Iyon na huli mong pagmano sa lolo mo. Sige na. Natatakot ka ba?”

Umiling siya at hinawakan ang kamay ng lolo niya. Malamig na iyon ngunit malambot pa rin. Nagmano siya at naupo sa upuan malapit sa kama.

“Okay lang po ba na dito muna ako sa tabi ni Lolo? Babantayan ko po siya.”

Tumango si Tita Flor. Naging abala na ito nang may dumating na ilang tao na hindi niya kilala.

Pinanood na lamang niya ang mga ito mula sa silid ni Lolo Endong.

“Alin ba ang susunugin?” Narinig niyang tanong ni Tita Flor.

“Lahat ng kanyang suot nang mamatay siya, pati ang unan, kutson, kubrekama. Pagkakuha sa kanya ng mga taga-funeraria, gigibain naman ang papag na pinatungan ng kutson na hinigaan niya,” mahabang sagot ng isang matanda.

Noon lang niya ito nakita at hindi niya sigurado kung kamag-anak ba nila ito.

“Maglinis na kayo nang maglinis dahil pagdating ng kabaong ay bawal nang magwalis,” pahabol pa nito.

Gabi na nang dumating ang kabaong. Naayos na rin ang bahay. Madami-dami rin ang dumalaw sa lolo niya. Ang mga bata ay nagkalat sa paligid. Lagi silang pinapagalitan ng mga matatanda kapag tumatakbo.

Lumabas siya at nagpunta sa hardin. Nakita niya roon si Reynard kasama ng iba pang bata. May hawak na tingting si Reynard habang nakatunghay rito ang ilang bata.

“Samson, dito ka. Laro tayo ng gagamba,” tawag nito nang mapatingin sa kanya.

Lumapit siya at tiningnan ang ginagawa ng mga ito. Mayroon palang dalawang gagamba sa tingting at naglalaban ang mga iyon. Mayamaya ay namatay ang isang gagamba. Tuwang-tuwa ang ilang bata habang ang iba ay nanghihinayang.

“Mangilaw tayo para mayroon uli tayong gagamba na ipanlalaban sa nanalo,” sabi ng isang batang mataba.

Nagtayuan ang mga bata. Mukhang excited ang mga ito.

“Sama ka sa amin, Samson. Hindi mo pa yata nasusubukan mangilaw,” yakag sa kanya ni Reynard.

Hindi nga niya alam kung ano ang ibig sabihin ng pangingilaw. Wala naman kasi siya

nakikitang gagamba sa Maynila.

“Isusumbong ko kayo kay Papa. Mangingilaw na naman kayo.” sapat ng batang babaeng nakasalamín. Mukha itong tutubi dahil sa salaming suot.

“Sumbungerang Elay. Ipapakain ka namin sa pating,” sagot ng isang bata.

“Ano ka ba naman, Elay. Ano ba’ng napapala mo kakasumbong kay Papa? Sumama ka na lang sa amin. Masaya kaya mangilaw,” sabi ng kapatid nito.

Inirapan lamang sila nito.

Maldita ang babaeng tutubi, naisip ni Samson.

Nagpunta sina Reynard sa mga matataas na halaman sa hardin, itinutok doon ang flashlight at nagsimulang maghanap ng gagamba. Ang isang bata ay may bitbit na lata ng gatas. May kandila iyon sa loob. Parang spotlight ang ilaw na galing doon. Ngayon lang siya nakakita ng ganoon.

Mayamaya, may mga gagamba na silang nakita. Nakakuha sila ng apat na gagamba at inilagay sa bahay ng posporo. Bumalik muli sila sa kanilang dating pwesto at nagsimulang paglabanin ang mga gagamba. Masaya pala talaga sa probinsya.

Apat na araw lamang ibinurol si Lolo Endong. Parang nagbakasyon siya sa dami ng mga kalaro niya. Masaya na sana ang pananatili niya sa probinsya kung di lang dahil sa pakialamerang babaeng tutubi. Lagi na lamang sila nitong isinusumbong. Minsang naglaro sila ng baraha ay isinumbong sila nito kay Tita Dolor. Nasermunan tuloy siya ng nanay niya.



Araw ng libing at nakabihis na silang lahat. Kulay puti ang kanilang suot. Sinusuklay ng mama niya ang kanyang buhok at inipitan iyon. Isinuot ni Elay ang kanyang salamin sa mata at tumayo.

Nakita niyang nagbubulungan ang dalawa niyang kapatid na lalaki na sina Reynard at Vincent.

“Kung anuman ang binabalak ninyo, hindi kayo magtatagumpay,” sabi niya sa dalawa at lumakad palabas ng bahay.

Dumerecho sila sa bahay ni Lolo Endong. Nasa karo na ang kabaong. Nasa likuran ng sasakyan ang mga kaanak ni Lolo Endong. Nakita niya ang batang lalaking maputla na taga-Maynila. Tumingin din ito sa kanya. Inirapan nga niya.

Hinawakan siya ng mama niya sa kamay. Nagsimula nang umandar ang karo at nagsimula na rin silang maglakad. Idadaan muna sa tuklong ang patay saka dadalhin sa sementeryo. Malapit lamang ang tuklong sa sementeryo.

Nasa unahan ang batang maputla. Bulungan nang bulungan ang mga kapatid niyang lalaki habang tahimik na umiiyak ang mama niya. Hindi nila kamag-anak si Lolo Endong, pero malapit ang pamilya nito sa pamilya nila.

Nagsimula ang misa nang ipasok sa loob ng tuklong ang patay. Dumerecho sila sa sementeryo pagkatapos ng misa. Napansin niyang nawala sa tabi niya ang mga kapatid. Nakita niya ang mga ito na kasama ang batang maputla. Tumingin ang bata sa direksyon niya at nagtama ang mga mata nila. Bago pa niya ito mairapan ay napansin niya ang maliit na balat nito sa noo o marahil peklat iyon.

Nabigla si Elay nang kindatan siya nito. Naramdaman niyang uminit ang kanyang mga tainga. Inirapan niya ito na para bang matatanggal ang leeg niya.

Nang nasa sementeryo na ay nagdasal muli at winisikan ng holy water ang kabaong. Ipinasok na ang kabaong sa nitso habang nag-iiyakan ang

karamihan. May isinilid din na malaking plastik sa loob ng nitso. Umiiyak pa rin ang mga tao nang may maramdaman siyang malamig na kamay na humawak sa binti niya. Kinilabutan siya, pero hindi siya sumigaw.

Dahan-dahan siyang lumingon.

Isang multong lalaki ang nakahawak sa binti niya. Ang isang kamay nito ay nakataas na parang gustong abutin ang mukha niya. Humihingi ito ng tulong. Napatili siya nang malakas.

Naglingunan ang mga tao sa kanya. Iyak siya nang iyak habang nakayakap sa kanya ang nanay niya.

“Huwag ka nang umiyak, anak. Ano ba ang nakita mo?” Hinahagod ng mama niya ang likod niya. Ang kanyang papa naman ay nanliliksik ang mga mata sa kanya. Iginiya silang mag-ina ng kanyang papa palayo sa mga tao.

“Bakit ka ba biglang sumigaw? Humanda ka sa akin pag-uwi natin,” mariing sabi ng papa niya. Halatang tinitimpi lamang nito ang galit.

“Tahan na, anak. Hayaan mo na ang papa mo. Ako na ang bahala sa kanya. Ano ba ang nakita mo?” Alam ng mama niya na nakakakita siya ng mga multo. Hindi siya nilalapitan ng mga iyon. Ngayon lamang nangyari na may humawak

na multo sa kanya kaya ganoon na lamang ang takot niya.

Hindi na niya nasagot ang tanong ng ina dahil sa sobrang takot. Umiyak na lamang siya nang umiyak.



“Sobra naman yata ang pagganti natin kay Elay,” sabi ng nakokonsensyang si Samson. Siya kasi ang humawak sa binti ni Elay.

Nagtaka siya nang bigla itong sumigaw matapos siyang lingunin kaya binitiwang agad niya ang binti nito bago siya nagtago sa nitso.

“Mabuti nga iyon sa kanya. Masyado kasi siyang pakialamera. Magtatanda na siya ngayon,” sagot ni Vincent na kapatid ni Elay.

“Samson, saan ka ba galing? Kanina pa kita hinahanap. Tayo na at babalik na tayo sa bahay,” sabi ng nanay niya nang makita siya nito sa likod ng nitso kasama ang mga kapatid ni Elay.

Natigilan ito nang tumingin sa nitso. Lumapit ito at hinaplos ang pangalang nakaukit doon. Nakita niyang tumalilis na ang magkapatid.

Naupo ang kanyang ina at tahimik na umiyak.

“Patawarin mo ako, Teodoro. Hindi na ako nakadalaw muli dito. Kasama ko ang ating anak na si Samson,” mahinang sabi ng kanyang ina

habang kinakausap ang puntod.

Tatay pala niya ang nakahimlay sa nitso na iyon.

Tahimik na binasa niya ang pangalan.

Teodoro S. De Leon.

Hindi na niya gaanong maalala ang tatay niya dahil bata pa siya nang mamatay ito.

“Sorry po, Tatay, huwag ninyo po akong mumultuhin,” bulong niya sa puntod.

Hindi niya sinasadyang puntahan ang puntod ng tatay niya, at malapit doon pa talaga siya nagtago nang gumawa siya ng kalokohan.

Tiningnan niya ang kanyang ina at hinayaan na lamang itong umiyak nang tahimik.

Chapter One



Sobrang pagod ang naramdaman ni Elay. Madami silang ginawa maghapon sa ekwela.

“Kumain ka na,” sabi ng ama niyang si Red. Nakaupo ito sa sofa sa sala ng bahay nila.

“Kumain na po kami ni Kristyn sa labas, Papa,” magalang na sagot niya.

“Si Kristyn ba talaga ang kasama mo o nakipag-date ka?” dudang tanong nito.

Tumingin siya sa ina para humingi ng saklolo.

“Ano ka ba naman, Red? Kita mo na ngang pagod galing sa school ang anak mo, maghihinala ka pa ng kung anu-ano,” saway ng ina niya.

“Aba, malay ba natin kung sa school nga

iyang galing. Baka lumalandi lamang iyang kagaya ng anak ni Panyong. Akala nila ay pumapasok, iyon pala ay nabuntis na ng kung sinong tambay lamang,” sagot ng ama.

Sinenyasan siya ng ina na umakyat na sa silid niya.

Nagbihis siya ng pantulog at nahiga na sa kama. Nag-asawa na ang mga kuya niya dahil hindi nakayanan ang kahigpitan ng ama na madalas ay wala sa lugar.

Lima silang magkakapatid. Siya ang bunso at nag-iisang babae kaya triple ang paghihigpit sa kanya ng ama. Mabuti na lamang at maunawain ang kanyang ina.

Mayamaya lamang ay hinila na siya ng antok.

Nasa terrace siya ng matandang bahay habang nagkakape. Malimit siyang magkape roon ng ganitong oras dahil presko ang hangin doon. Kasama niya si Lolo Tom, nakaupo ito malapit sa kanya. Hindi pa ganoon katanda si Lolo Tom. Sa tingin niya ay mahigit 60 years old pa lamang ito. Hinawakan nito ang kanyang kamay.

“Ayokong tumandang mag-isa, Timotea. Lahat ng aking anak ay may kanya-kanya nang pamilya. Gusto kong pakasalan si Epifania. Dalawang taon na

rin naman ang aming relasyon. Sana ay pumayag ang aking mga anak na magpakasal na ako kay Epifania.”

Nagmadali siyang bumangon kinabukasan. Ayaw niyang ma-late sa pagpasok sa school. Natapos na nila ang lahat ng reports kahapon kaya wala na silang gaanong gagawin ngayon.

Pagdating sa school ay tumambay muna siya sa loob ng faculty room. Isa siyang Math teacher sa public high school. Si Kristyn naman ay English ang itinuturo kaya hindi niya ito kasama sa faculty room. Sa English Department ito naglalagi.

“Bakit kaya ganyan kahigpit ang tatay mo? Itanong mo nga sa kanya minsan kung pinsan niya si Hitler,” ani Kristyn matapos niyang ikuwento dito ang mga sinabi ng kanyang papa pagdating niya sa bahay kahapon.

“Ewan ko ba doon kay Papa. Alam mo naman na mga bata pa lang kami ay ganoon na iyon. Mabuti na lamang at mabait si Mama. Nag-iisip nga din ako kung bakit si Papa ang pinili niyang pakasalan,” malungkot na sagot niya sa kaibigan.

“Matanda ka na, Ateng. Twenty-seven ka na. Dapat ngayon ay engaged ka na. O kaya may

boyfriend na.”

“Alam mo naman kung gaano kahigpit si Papa. Ang gusto niya bahay-school lang ang routine ko. Kaya nga ganito ako manamit. Di ba mukha akong manang? Sino ang magtatangkang manligaw sa akin? Kahit nga itong salamin ko sa mata. Kinausap ko noon si Mama na contact lens na lang ang gagamitin ko. Sumabat na naman si Papa, gusto ko lang daw lumandi,” litanya niya sa kaibigan.

“Ikaw kasi ay masunuring anak. Hayaan mo at kapag may nakita tayong gwapo, papatirin ko agad papunta sa iyo para magkaroon ka na ng love life. Sobrang boring ng buhay mo. Para kang madre. Balot na balot ang katawan at linggo-linggo ay nasa simbahan,” konsola nito.

Alam niyang binibiro siya nito para hindi na siya malungkot.

Hapon na nang umuwi si Elay. Pagdating niya sa bahay ay wala ang kanyang mga magulang. May note na nakadikit sa ref. May pupuntahan lamang daw ang mga ito.

Pagkabihis niya ay dinalaw niya si Lolo Tom sa kabilang bahay. Mas matanda pa kay Lolo Tom ang bahay nito na namana rin mula sa ama nito. Si Tita Fanny, ang pangalawang asawa ni

Lolo Tom, ang nabungaran niya sa sala. 65 years old si Lolo Tom nang magpasya ang mga ito na magpakasal, sampung taon pagkatapos mamatay ni Lola Tasing. Si Tita Fanny ay 30 years old lamang noon kaya 'Tita Fanny' ang gusto nitong itawag dito. May isa itong anak sa unang asawa, si Andy. Minsan lamang iyon bumisita sa ina at natataon na wala siya kaya hanggang ngayon ay hindi pa sila nagkikita ng anak nito.

Ngumiti siya rito at hinanap si Lolo Tom. Itinuro nito ang matandang nakaupo sa tumba-tumba. Lumapit siya kay Lolo Tom at nagmano.

“Nasaan na si Visitacion? Kanina pa umiiyak si Candelaria. Hindi ba niya naririnig? Baka basa na ang lampin ng anak ko,” bungad ni Lolo Tom sa kanya.

Ngumiti na lamang si Elay.

“Pasensya ka na, Timotea, kung makalat ang bahay. Sa tuwina lamang dumadalaw ka ay maraming kalat. Hindi na makalinis si Visitacion. Ako naman ay maghapon na sa bukid para subaybayan ang mga magsasaka.”

Simula nang maging ulyanin si Lolo Tom ay Timotea na ang tawag nito sa kanya.

Nagtatanamin siya ng halaman sa hardin.

May apat na bakal na upuan sa gitna ng hardin. Nakapalibot ang mga upuan sa mesa na yari din sa bakal. Nakaupo sa isa mga upuan si Lolo Tom. Nakapatong sa mesa ang kape nitong umuusok pa.

“Ayaw ng mga anak ko kay Epifania. Kayamanan ko lamang daw ang mahal niya. Wala naman iyong katotohanan dahil nasalin kay Epifania ang lahat ng ari-arian ng yumao niyang asawa. Ginawan pa nila ng kwento ang pagkamatay ng asawa ni Epifania. Pinatay raw ni Epifania ang asawa para masolo ang kayamanan. Ganid daw si Epifania at hindi pa kontento sa kayamanan ng nasirang asawa. Ngayon naman daw ay kayamanan ko ang gustong angkinin.

“Ipinaliwanag ko sa kanila na hindi ganoon si Epifania. Aksidente ang pagkamatay ng asawa niya. Inhinyero ang asawa ni Epifania at gumuho ang tulay na ginagawa ng mga ito. Mahigit na sampung manggagawa ang namatay kabilang ang asawa niya. Ngunit ganoon pa rin ang pagtutol ng aking mga anak. Timotea, wala ba akong karapatang maging maligaya?”

Alas tres ng umaga ayon sa wall clock. Nagising si Elay na sariwa pa rin sa alaala ang napanaginipan.

May gusto bang sabihin si Lolo Tom sa kanya? Pero buhay pa si Lolo Tom.

Lumabas siya ng silid para kumuha ng tubig. Tumigil siya sa paghakbang nang marinig ang kanyang mga magulang na nagtatalo.

“Kailan mo sasabihin ang totoo? Hindi ka ba sinusundot ng konsensya mo?” tanong ng kanyang ina sa kanyang ama.

“Hanggang sa mamatay ako, itatago ko ang lihim na iyon,” mariing tugon ni Red.

Nagpasya siyang bumalik na lamang sa silid. Ano kaya ang lihim ng kanyang ama? Baka ampon siya gaya ng mga nasa telenovela.

Hindi na niya namalayan na nakatulog muli siya.

Nasa ilog sila kung saan naliligo siya noong bata pa siya. Sa pagkakataong iyon ay naroon si Lolo Tom, nakaupo sa malaking bato. Mababakas sa mukha nito ang kasiyahan.

“Nagpakasal na kami ni Epifania. Wala nang nagawa ang mga anak ko. Lilipat na kami ni Epifania sa Maynila at isasama namin si Fernando para wala nang gulo. Ang anak kong si Candelaria, siya na muna ang bahala sa bahay. Sa lahat ng aking mga anak ay siya lamang ang nakakaunawa. Hinahangad daw niya ang aking kaligayahan. Ako naman ay nasiyahan sa aking narinig. Ikaw ba, Timotea, masaya ka ba para sa akin?”

“Mikaella! Mikaella!” Ang pagkatok at pagtawag ng ina ang gumising sa kanya.

Tumayo siya at binuksan ang pinto. “Ano po ’yon?”

“Wala ka na bang pasok ngayon? Tanghali na. Alas ocho na,” sabi ng kanyang ina.

Napansin niya na medyo maga ang mga mata nito.

Tumingin siya sa wall clock at alas ocho na nga.

“Meron po. Naku, tinanghali na ako ng gising. Maliligo na po muna ako.” Mabilisan ang ginawa niyang pagligo. Mabilis din siyang kumain ng almusal.

“Tinanghali ka yata ngayon, Miss Punctual,” puna ni Kristyn. Kasabay lamang niya itong magta-time in.

Lagi naman itong tanghali na kung pumasok. Kagaya niya ay dalaga rin ito at solo ang kinikita kaya hindi na gaanong nababahala sa mga kaltas. Mabuti na lamang at hindi ito nabibigyan ng memo.

“Tinanghali kasi ako ng gising,” maikling sagot niya sa kaibigan.

“Halata naman. Ngayon ka pa lang tinanghali ng pasok. Kwento mo sa ’kin mamaya, ha,” bilin

nito bago pumasok sa English faculty room.

Sobrang bagal ng oras. Naiinip na siya. Wala naman siyang mapaglibangan. Ang mga kasama niya ay pawang naglalaro sa cellphone o kaya ay nanonood sa laptop.

Matutulog na sana si Elay nang pumasok si Kristyn sa faculty room nila dala ang laptop nito. Pakaway-kaway pa ito habang pumapasok. Bago pa ito nakapunta sa table niya ay inabot na ng siyam-siyam dahil binati pa nito lahat ng tao roon. Kung Miss Punctual ang tawag nito sa kanya, Miss Congeniality naman ang tawag niya rito.

“Ateng, alam kong malapit ka nang mamatay sa boredom kaya nagpunta ako dito. Manonood tayo ng movies,” sabi nito paglapit sa pwesto niya.

Tumango na lang siya para wala nang gulo. Kapag tumanggi siya ay makikipagtalo pa ito.

Nasa kusina siya. Naghahanda na siya ng kanyang mga lulutuin nang sumulpot si Lolo Tom.

“Kumusta, Timotea. Ano ang lulutuin mo para sa pananghalian?”

“Ang paborito mo, sinigang na hipon,” sagot niya. Nagtataka siya sa kanyang sinabi. Hindi man lang siya gumamit ng po sa kanyang lolo.

“Paborito ko nga iyan. Sana ay naririto din si

Epifania para masaluhan niya ako sa masarap na pananghalian.” Bumuntong hinga ito nang malamin.

“Nakakaawa ang aking si Epifania. Akala ko kapag nagpunta na kami sa Maynila ay matatahimik na ang aking buhay. Ngunit hindi pala. Nagpunta doon si Redentor at ininsulto si Epifania sa aking harapan. Hindi na ako iginalang ng aking anak. Umasa ako noon na mauunawaan niya ako sa aking desisyon dahil malapit siya sa Diyos. Isa siyang laiko ministro. Ngunit nagkamali ako sa aking akala. Si Redentor ay nabubulagan.

“Nang minsan ay nagpasya akong dumalaw sa aking tahanan nang hindi kasama si Epifania. Gabi na nang ako ay dumating. Hindi pa ako nakakarating sa tarangkahan ng aking bahay nang matanawan ko si Redentor. Hindi niya ako napansin. Naglakad siya papunta sa tuklong. Sinundan ko siya, pero hindi pa rin niya ako napapansin. Nagkubli ako sa isang puno. Dumating ang isang lalaki na hindi ko nabistahan ang mukha. May ipinakitang kwintas ang lalaki kay Redentor. Nag-usap ang dalawa hanggang sa nauwi iyon sa pagtatalo. Sinuntok ng lalaki si Redentor at gumanti naman ng suntok ang aking anak. Nawalan ng balanse ang lalaki at tumama ang ulo sa isang malaking bato.

“Nagulantang si Redentor sa mga nangyari.

Ang lalaki ay nanatiling nakahiga sa lupa nang walang kagalaw-galaw. Lumapit si Redentor. Akala ko ay tutulungan niya ang lalaki, pero kinuha lamang ni Redentor ang kwintas mula sa kamay ng nakahandusay na lalaki at lumakad na siya papunta sa direksyon ko.

Lalo akong nagkubli sa puno.

Kinabukasan ay nabalitaan ko na lamang na may natagpuang bangkay sa harap ng tuklong. Pinaniwalaan ng lahat na aksidente ang nangyari kay Teodoro dahil amoy-alak ito.”

“Mikaella! Mikaella!” Tarantang boses ni Kristyn ang gumising sa kanya.

Idinilat niya ang mata. Nakatulugan pala niya ang panonood.

“Bakit ka ba umuungol? Kanina pa kita ginigising,” nag-aalalang sabi nito sa kanya.

“Nanaginip ako, pero hindi ko na maalala,” pagsisinungaling niya sa kaibigan.

Tandang-tanda pa niya ang kanyang panaginip, ayaw lamang niyang ikwento rito dahil nakatingin sa kanila ang mga co-teachers niya. Alam niyang alam ni Kristyn na nagsisinungaling lang siya pero hindi na ito nangulit pa.

Chapter Two



Araw ng Sabado kaya nagpasya si Mikaella na dumalaw muna sa kanyang lolo sa kabilang bahay. Si Tita Candy ang nabungaran niya sa sala. Ito ang bunsong anak ni Lolo Tom kay Lola Tasing. Ang kanyang ama naman ang panganay ni Lolo Tom. Wala sa sala si Tita Fanny.

“Kumusta, Tita? Si Lolo po?” Nagmano siya sa babae.

“Natutulog pa ang lolo mo. Hinayaan ko nang magpatanghali ng gising dahil hindi siya makatulog sa gabi. Kahapon ka pa nga hinahanap. Tinatanong ako kung bakit daw hindi pa dumadalaw si Timotea,” sabi ng tita

niya.

Alam din nito na Timotea ang tawag sa kanya ng lolo niya.

Sinilip niya ang abuelo sa silid nito at lumabas din agad. Naglilinis sa sala si Tita Candy. Matagal nang namayapa ang asawa nito. Ang dalawang babaeng anak nito ay may kanyakanya nang pamilya. May isa pa itong anak na babae, si Melissa. Apat na taon ang tanda niya kay Melissa. Dalaga pa ito at laging wala sa bahay. Nagtatrabaho ito bilang teller sa bangko sa bayan.

Hindi niya kasundo si Melissa. Moderno itong manamit at mahilig sa lakwatsa. Dito rin sa bahay ni Lolo Tom nakatira ang dalaga. Si Lolo Tom naman ay umuwi rito mahigit sampung taon na ang nakakaraan kasama si Tita Fanny. Naiwan sa Maynila ang anak ni Tita Fanny dahil naroon ang trabaho nito. Isang architect ang anak nito.

Noong nakaraang taon, nagsimulang maging ulyanin si Lolo Tom.

Kahit malimit siyang dumalaw sa bahay ng lolo niya ay ngayon lamang niya napansin ang mga photo albums sa sala. Binuksan niya iyon at tiningnan isa-isa ang lumang pictures. Puro mga

pictures ni Tito Luis, ang pangalawa sa bunso ni Lolo Tom, ang nasa album.

Mula noong sanggol pa lamang ay may pictures na ito hanggang sa maka-graduate ng high school. Lahat ng magkakapatid ay may kanya-kanyang photo album. Nang buksan niya ang album ng ama ay napansin niyang wala itong pictures noong baby pa.

“Tita, bakit po walang baby pictures si Papa?” pag-uusisa niya sa tiyahin.

“Napansin mo din pala. Sabi ng lolo mo, hindi pa daw kami nauusuhan ng camera noong ipinanganak si Kuya kaya wala siyang litrato noong baby. Si Inay ang kumukuha ng mga litrato. Nakigaya siya sa kaibigan na may baby pictures ang mga anak. Kaya bago pa isilang si Kuya Tadeo ay nagpabili ng camera si Inay para makuhanan ng litrato ang anak,” mahabang paliwanag ni Tita Candy.

May kaya naman sina Lolo Tom kaya nakabili ng camera. Iyon nga lamang, nakakaawa ang tatay niya at wala itong pictures noong baby.

“Pupunta po muna ako sa terrace, Tita. Namiss ko na pong tumambay roon,” paalam niya sa tiyahin.

“Ikaw ba’y nag-almusal na? Parito ka muna’t

mag-almusal,” anyaya nito sa kanya.

Magalang siyang tumanggi dahil tapos na siyang kumain. Nagpunta siya sa terrace at naupo sa rocking chair. Dahil alas ocho pa lamang ng umaga ay medyo malamig pa doon. Napapaligiran ng ilang puno ang bahay ng lolo niya kaya sariwang-sariwa ang hangin. Mula roon ay natatanaw ni Elay ang mga kapit-bahay. Tanaw na tanaw ang hardin ni Aling Dolor. Magaganda ang mga tanim na rosas sa hardin kaya nawili siyang pagmasdan ang mga iyon.

Nakaupo siya sa duyan sa likod-bahay. Dumating si Lolo Tom at naupo sa damuhan.

“Pinipilit ko si Redentor na sabihin sa akin kung ano ang pinagtalunan nila Teodoro. Ayaw niyang sabihin. Tinakot ko siya na sasabihin ko sa pulis ang mga nakita ko nang gabing iyon, ngunit sinabi niyang isusunod niya ako kay Teodoro kapag hindi ako nanahimik. Lahat ng aking mga anak ay pinalaki kong mabubuting tao. Nagtataka ako kung bakit nagkaganoon si Redentor.”

Hindi niya namalayang nakatulog pala siya.

“Nakakatulog din ako d’yan sa tumba-tumba. Bukod sa presko na ang hangin, para ka pang idinuduyan.”

Muntik na siyang mapatili sa sobrang gulat.

Bigla na lang kasing nagsalita si Tita Fanny na noon pala ay nakaupo sa upuang kahoy malapit sa rocking chair.

Nagkwentuhan sila tungkol sa trabaho niya bilang teacher. Doon na rin siya kumain ng tanghalian. Magkakasalo sila nina Tita Candy, Tita Fanny at Lolo Tom. Kapag Sabado at Linggo ay nasa galaan si Melissa. Siya naman ay walang kasama sa bahay dahil umalis ang kanyang mama at papa. Bukas pa makakabalik ang kanyang mga magulang kaya doon na lamang siya naglagi kina Lolo Tom.

“Timotea, gusto ko sanang ipagluto mo ako ng sinigang na hipon mamayang gabi. Matabang na naman ang luto ni Visitacion ng nilagang baboy,” request ni Lolo Tom sa kanya, iniisip na naman na siya si Timotea.

Hindi na niya kinontra pa ang matanda. Ang isang tiyahin niya ay tinatawag nitong Visitacion dahil kamukhang-kamukha raw ito ni Lola Tasing.

Hindi na niya maalala ang hitsura ni Lola Tasing. Bata pa siya nang mamatay ito.

“Sige po. Ako na po ang bahala sa sinigang na hipon n’yo mamayang hapunan,” sagot niya sa abuelo.

Nakita niyang nagliwanag ang mukha nito.

Hindi naman matabang ang luto ni Tita Candy. Gusto lamang ni Lolo Tom na makakain ng paborito nito kaya marahil nagsalita ng ganoon. Mabuti na lamang at marunong siyang magluto. Dahil nga hindi madalas lumabas ng bahay, lagi siyang nakababad sa kusina at natutong magluto.

“Tita, okay lang po ba na ako ang magluto para sa hapunan?” tanong niya sa tiyahin.

“Oo naman. Pasensya ka na sa lolo mo at medyo demanding. Pagbigyan na lang natin para hindi magdamdam,” nakangiting sagot nito.

Pagkatapos ng tanghalian ay nagpaalam si Tita Candy na magsisiesta muna sa silid nito. Dinala naman ni Tita Fanny si Lolo Tom sa terrace. Sumunod siya sa mga ito dahil presko roon.

“Tita, okay lang po bang magtanong ako?” nahihiyang paalam niya kay Tita Fanny nang makaupo na sila.

“Oo naman,” nakangiting sagot nito.

“Hindi po ba kayo nasasaktan na Visitacion ang tawag ni Lolo kay Tita Candy?”

“Hindi naman. Kamukha din naman kasi ni Candy si Ate Tasing, sumalangit nawa ang

kaluluwa niya. Di ba, sa 'yo, Timotea ang tawag niya? Si Timotea ang kanyang unang pag-ibig," paliwanag ni Tita Fanny.

"Kamukha po ba ako ni Timotea?" nagtataakang tanong ni Elay.

"Hindi mo kamukha si Timotea. May nakita akong litrato niya sa gamit ni Tom. Nagtataka nga rin ako kung paano niya naisip na ikaw si Timotea." Muli silang nagkwentuhan ni Tita Fanny. Masarap itong kausap.

Siguro dahil minsan lang din itong may makausap na kabataan. Hindi naman kasi ito pinapansin ni Melissa.

Kinahapunan ay siya nga ang naghanda ng pagkain. Habang nagluluto siya ay dumating si Melissa. Nakita siya nito na nasa kusina.

"Hindi sinabi sa 'kin ni Mama na we have a cook na pala," nang-aasar na sabi nito sa kanya.

Hindi niya alam kung bakit mainit ang dugo nito sa kanya. At hindi rin niya alam kung bakit *the feeling is mutual*. Ang alam niya, sutil ito at walang modo.

"Hindi rin sinabi ni Tita na may multo pala sa bahay na ito at nag-i-English pa," ganti niya rito.

Maldita si Melissa, pero hindi naman siya papayag na api-apihin ng lukaret.

“Nagtataka lang ako. Bakit ang bait-bait mo kay Lolo? Gusto mong sa ’yo ipamana itong bahay? Well, ulyanin na ang matandang ’yon at hindi na niya mababago ang last will and testament. Sa amin ni Mama ibibigay ang bahay na ito.” Hindi nito pinansin ang patutsada niya.

“Hindi ako naghahabol sa kayamanan ni Lolo. Isaksak mo sa baga mo ang bahay na ito.” Diniinan niya ang paghiwa ng talong saka humarap dito. Dali-dali itong umalis sa kusina.

Tahimik silang naghapunan. Ramdam na ramdam ang tensyon sa pagitan nila ni Melissa. Alam ni Tita Candy na hindi sila magkasundo ng bunso nito. Aminado din ito na mali ang ginawang pagpapalaki kay Melissa kaya naging sutil.

“Masarap talaga ang luto mo, Timotea. Hindi pa rin kumukupas ang iyong galing. Mapaparami ang kain ko nito,” nakangiting sabi ni Lolo Tom na walang napapansing tensyon sa paligid.

Hindi nito pinapansin si Melissa na para bang invisible ang huli. Nakita niyang napakunot-noo ang pinsan nang tawagin siyang Timotea ni Lolo Tom. Nawala rin iyon agad, na-realize siguro nito na ulyanin na ang matanda.

“Tita, uuwi na po muna ako sa amin. Babalik

na lang po ako uli bukas pagkatapos magsimba,” paalam niya kay Tita Candy nang matapos ang hapunan.

Si Melissa ay nakita niyang dumerecho na sa kwarto nito. Si Tita Fanny ay inakay na si Lolo Tom papasok sa silid ng mga ito.

“Dito ka na matulog. Wala kang kasama sa inyo. Bukod doon ay nagbilin ang mama mo na dito ka na patulugin para may kasama ka. Gamitin mo ang guest room sa tabi ng silid ni Tatay. Nilinis ko iyan kanina.” Wala na siyang nagawa kundi pagbigyan ito.

Umuwi muna siya sandali para siguruhing nakasarang mabuti ang mga bintana at pinto sa bahay nila.

Nasa sala sila ng bahay ni Lolo Tom. Nakaupo ito sa tumba-tumba habang siya ay nakaupo sa sofa at naggagantsilyo.

“Matanda na ako, Timotea. Hinihintay ko na lamang ang oras ng aking pagpanaw. Alam kong nalalapit na iyon. Nalaman ko na ang dahilan ng pagtatalo nina Redentor at Teodoro. Sana ay maging maayos ang lahat pagkatapos ng aking paglisan.

Naging masaya ako sa piling ni Epifania. Ipinadama niya sa akin ang pagmamahal na hindi ipinadama noon ni Visitacion. Naramdaman ko kay

Epifania ang pagmamahal mo sa akin noon. Ako lamang ay lubos na nanghihinayang dahil hindi kami nabiyayaan ng anak ni Epifania.” Umiyak ito nang tahimik. “Ipangako mo, Timotea, na ipapaabot mo sa kanila ang totoo. Kailangan nilang malaman ang totoo para matahimik ako.”



“Ano ka ba naman, Fernando? Umagang-umaga, mahaba na agad ’yang mukha mo,” bati sa kanya ng kaibigang si Sam pagpasok nito sa opisina.

Madalas siyang asarin nito ng ganoon dahil medyo may kahabaan nga ang baba niya.

Tumahimik lang siya at hindi pinansin ang pagbibiro nito, bagay na labis nitong ipinagtaka.

“Dad Tom’s dead.”

Nang 75 years old na si Dad Tom ay hiniling nito sa asawa na sa Cavite na lamang sila manirahan dahil ito naman ay matanda na. Pumayag naman ang kanyang mama. Kahit na stepdad lang niya si Dad Tom, at maraming naging isyu sa pagsasama nito at ng mama niya, itinuring niya itong parang tunay na ama kahit na parang lolo na niya ito. At minahal din siya nito bilang isang anak. Nalungkot siya nang ibalita ng mama niya ang pagpanaw ni Dad Tom.

Nakita niyang nagulat din ang dalawa niyang kaibigan. Alam ng mga ito kung gaano niya kamahal ang kanyang ama-amahan.

“Magli-leave na muna sana ako. Mga one week,” paalam niya sa dalawang kaibigan.

Silang tatlo ang may-ari ng *Carpio and Associates*, isang design firm. Dalawa sila ni Sam na architect samantalang engineer naman si Pao. Magkaklase sila ni Sam noong college. Si Pao naman ay ka-team nila sa baseball. Nang maka-graduate ay kumuha ng board exam si Pao at nakapasa agad. Sila ni Sam ay pumasok muna bilang mga apprentice na requirement ng PRC para makakuha ng board exam.

Habang mga apprentices sila ni Sam, si Pao naman ay natanggap sa isang construction firm. Nang sila ni Sam ay maging ganap na arkitekto, hindi pa rin sila nagkahiwalay dahil pareho silang natanggap sa isang design firm. Nagipon muna sila at kumuha ng experience. Two years ago, sinimulan nilang itayo ang kanilang kompanya.

“No, pare. Hindi lamang ikaw. Sasamahan ka na namin hanggang sa mailibing si Tito. Si Cliff na muna ang bahala dito,” sabi ni Pao.

Tumingin siya kay Sam na parang humihingi

ng pagsang-ayon. Tumango ito.

“Pero mahirap na wala tayong tatlo rito,” saad niya.

“Pare, uso ang phone pati *Skype*. We can call Cliff anytime. Kahit video call pa. Besides, we have a CCTV. We can monitor the office while we’re away,” ani Sam.

“Thanks, pals. You really know what I need.”

Chapter Three



Pamilyar ang daang tinatahak nila. Papunta sila sa Cavite kung saan nakaburol si Tito Tom. Tahimik si Andy habang nagmamaneho. Si Pao naman ay natutulog. Pagkatapos nilang bilinan si Cliff ay umuwi muna sila sa kani-kanilang condo unit para ayusin ang mga dadalhing gamit. Si Cliff ang kanilang manager at lagi itong maaasahan.

Ngayon ay tinatahak nila ang kahabaan ng *Aguinaldo Highway*.

“Come to think of it, we’ve been friends for so many years but we haven’t visited each other’s provinces. This place is so familiar,” saad ni Sam.

“I’m thinking the same thing. Di ba, this is

your hometown, too?” tugon ni Andy.

“Yes, but I haven’t visited since my grandpa died. I was a small kid then.”

“Maybe that’s why this place seems familiar to you. Ahm, bawasan pala natin ang English at baka makatawag tayo ng atensyon ng mga tao especially ang mga kamag-anak ni Dad Tom,” ani Andy.

Mamaya na lamang niya sasabihin ang request nito kay Pao kapag nagising na ang kaibigan.

“No problem. I mean, walang problema.” Nagkatawanan sila na ikinagising ni Pao.

“Hey, why are you laughing? You’re making fun of me while I’m asleep?” mapanghusgang tanong nito sa kanila.

Tumawa silang muli. Natulog itong muli, mukhang nabuwisit sa kanila.

Alas onse na ng gabi nang dumating sila sa bahay ni Lolo Tom. Sinalubong sila ni Tita Fanny.

“Kumusta naman ang aking mga anak-anakan?” bati nito sa kanila.

“Eto po, mas gwapo kaysa noong huli tayong nagkita,” sabi niya rito. Madalas silang tumambay sa condo nina Andy noong college days nila kaya naging close nila pati ang mommy ito.

“Parang wala namang nagbago, hijo. Tuloy kayo. Okay lang ba na sa isang silid na lamang kayong tatlo? Dumating din ang ilang kamag-anak ni Tom kaya puno itong bahay.”

Bago sila magtungo sa nakatalagang silid para sa kanila ay sumilip muna sila sa kabaong. Nasa likod sila ni Andy at ng mommy nito. Hindi napigilan ng kaibigan ang pagtulo ng luha. Hinagod ni Tita Fanny ang likod nito.

“It’s okay, anak. Hindi naman siya nahirapan sa kanyang pagkamatay,” alo nito sa anak.

“I didn’t visit him for quite a long time. I didn’t see him before he died,” mabigat ang loob na saad ni Andy.

Sila man ay nalulungkot din sa pagkamatay ng matanda. Parang apo ang turing sa kanila nito kapag naroon sila kina Andy. Pinahid ni Andy ang luha at niyaya sila papunta sa silid.

“Ikaw na ba si Andy? Sobrang tangkad mo na. Hindi ka naman dating ganyan katangkad,” bati sa kanila ng isang babae na mas bata lamang ng ilang taon kay Tita Fanny.

“Tita Candy, kumusta po?” bati ni Andy rito. Nagmano ito sa babae.

“Mama, who are they?” tanong ng isang babae.

Kung si Sam ang tatanungin, boses pa lang nito maarte na. Nilingon nila ito ni Pao.

Sobrang ikli ng suot nitong shorts at naka-spaghetti strap itong puti. Naaaninag na ang bra sa suot nitong blouse. Her face was made up.

“Siya si Andy, anak ni Ate Fanny. Mga kaibigan naman sila ni Andy,” nakangiting sabi ni Tita Candy.

“So, you’re Andy. I’ve heard a lot about you. We meet at last. I’m Melissa. How about you two? What are your names?” Lalong inartehan nito ang pagsasalita.

“I’m Sam. This is Pao. Pao?” Nakatulala ito kay Melissa.

Napangiti naman si Melissa sa inasal ni Pao.

“Nice meeting all of you. Kumain na ba kayo? Gusto n’yo samahan ko kayong kumain?”

Magalang na tinanggihan ni Andy ang paanyaya ng dalaga at dumerecho na sila sa silid na nakalaan sa kanila.

“Bakit ka tumanggi, Andy? I want to know her more,” sabi ni Pao, mukhang natagpuan na ang nawawalang dila.

“What? You like that girl? She looks like tilapia when you remove the makeup,” kontra niya kay Pao.

“Lahat kasi ng isda kinakain ni Pao,” nakangiting tugon ni Andy.

Mahinang sinuntok ito ni Pao.

Pumasok na sila sa silid, lalo’t pinagtitinginan na sila ng mga tao sa paligid, nagtataka marahil kung sino ang matatangkad na tisoy na naligaw sa lugar ng mga ito.

Pagkatapos nilang mag-ayos ng mga gamit ay lumabas na sila mula sa silid. Tinulungan nila sina Tita Fanny at Tita Candy na mag-serve ng tinapay sa mga nakikilamay. Maging si Melissa ay tumulong din sa kanila, gayundin ang isang babae na may makapal na salamin sa mata. Nakalong sleeve ito at mahabang palda. Mukha itong manang kahit tantya ni Sam ay halos kaedad lang nila ito.

Si Melissa ay dikit nang dikit sa kanila. Matalim naman ang tingin ng babaeng manang sa kanila. Lumabas muna siya para maghanap ng signal. Mahina pala ang signal sa lugar na iyon.

“Samson? Ikaw nga ba iyan?” Napalingon siya sa tumawag sa kanya.

Isang ginang ang nagtanong, tingin niya ay mas bata sa mama niya. Tinitigan niyang mabuti ang babae.

“Tita Dolor? Bakit po kayo narito?” tanong

niya nang makilala ito.

“Kaibigan ng pamilya natin ang pamilya ni Manong Tom. Ang tagal mo nang hindi dumadalaw kaya siguro nakalimutan mo na ang lugar natin. Doon lamang sa kabila ang bahay natin. Ikaw, bakit ka naririto?” paliwanag ng tiyahin niya.

Bigla siyang nakaramdam ng hiya rito. Hindi nga naman siya dumadalaw sa mga ito. Mas inuna pa niyang dalawin ang hindi niya kamag-anak.

“Anak po ni Tita Fanny ang kaibigan ko. Sinamahan po namin siya rito. Matagal na nga po mula nang makadalaw ako dito kaya nakalimutan ko na rin ang lugar na ito. Kung alam ko lamang na magkapit-bahay lamang kayo ni Tito Tom ay isinama ko na rin si Mama.”

“Wala iyon. Hayaan mo na. Mabuti at nakita kita. Gusto mo bang sa bahay ka na lamang tumuloy? Para makaligo ka. Bawal kasing maligo sa bahay kung saan nakaburol ang patay,” paliwanag ni Tita Dolor.

Hindi niya alam na may mga ganoong pamahiin pala. “Sige po. Kaya lang, bukas ko na lang po dadalhin ang mga gamit ko. Hindi rin po siguro kami matutulog ngayong gabi.”

“Ikaw ang bahala. Pumunta ka na lamang sa bahay, ha.”

“Sige po. Maraming salamat po.” Naiwan siya sa labas ng bahay nang tumuloy ito sa loob.

“Pare, ano’ng ginagawa mo rito.” Nagulat siya nang sumulpot si Andy mula sa likuran.

“Naghahanap lang ng signal. Si Pao?”

“Ayun sa tent. Nakikipaglandian kay Melissa.” Itinuro nito ang puwesto ng dalawa. Solo ng mga ito ang tent. Ala-una na ng umaga at kakaunti na ang mga tao.

“Hindi na nahiya ’yang si Paolo Jose, dinala pa rito ang kalandian niya. Anyway, I just discovered that our families are friends. Kaya pala familiar ang lugar na ito. Tita Dolor’s house is just right over there. D’un daw ako tumuloy. Bawal daw maligo sa bahay n’yo. We can take a bath there.”

“People here believe in so many superstitions. You will hear a lot,” said Andy.

Pumunta sila sa tent kung nasaan sina Pao at Melissa.

“You have cute eyes naman, ah,” narinig nilang pambobola ni Melissa sa kaibigan nila.

“Pare, dilat ka talaga. Tanggapin mo na ang katotohanan,” kontra niya.

Mahirap na, baka mabilog ni Melissa nang

tuluyan ang ulo ni Pao. Nakita niyang sumulyap nang masama sa kanya ang una.

“Anyway, sino iyong babaeng nakasalamin?” tanong niya kay Melissa.

“You don’t want to know her. She’s not friendly,” mabilis nitong sagot. Mukhang may galit ito sa babaeng nakasalamin.

“But I want to know her. Ipakilala mo naman kami. Tatanggihan mo ba ang request ng isang gwapo?” pangungulit niya rito.

Tumayo si Melissa at lumapit sa babaeng nakasalamin. Naramdaman niyang nag-vibrate ang cellphone niya. Si Andy ang nag-text.

“*What are you playing at ?*” Iyon ang laman ng message nito.

Tumingin siya rito at kinindatan ito. Si Pao naman ay busangot ang mukha dahil sa pang-iistorbo niya, pero nagsawalang-kibo na lamang.

“I told you, she’s not friendly,” sabi ni Melissa pagbalik nito sa pwesto nila.

Naupo ito sa tapat nila at pinagkrus ang mga hita. Masisilip na ang singit nito, pero mukhang wala itong pakialam. Si Pao naman ay halatang nag-e-enjoy sa nakikita.

Aminado siyang maganda si Melissa at maputi pa. Hindi lang niya maipaliwanag sa sarili

kung bakit nabubwisit siya sa pagmumukha nito.

Nagtanong pa siya nang nagtanong dito tungkol sa babaeng nakasalamín para inisin ito. Nagtagumpay siya kaya sa huli ay nilayasan sila ni Melissa.

“You’re ruining everything, Sam,” galit na sabi ni Pao sa kanya. Kitang-kita sa mukha nito ang panghihinayang.

“I’m sorry, Andy, but I have to say this.” Hinarap niya si Pao. “Paolo Jose, we are in a wake. I suggest you stop flirting and respect the dead,” gigil din niyang sabi.

Hindi niya alam kung maiintindihan nito ang gusto niyang sabihin. Paolo had three break-ups already. Minahal nito ang mga babaeng iyon. Ang isa ay sumakabilang-buhay at ang dalawa ay sumakabilang-bahay. Pero kahit na niloko ito ng mga huling naging karelasyon ay hindi ito marunong madala. Ang mga kagaya pa rin ng ex-girlfriends nito ang nagugustuhan ng kaibigan.

Parang tinablan naman ito sa sinabi niya. Tumahimik ito. Concerned lang naman siya rito at bilang kaibigan ay kailangan niya itong protektahan.

“Let’s go inside. Baka may pwede tayong maitulong,” sabi ni Andy para basagin ang

katahimikan.

Pagtagayo ay hindi niya napansin na may tao pala sa likuran niya.

“Naku, pasensya na po. Nabanlian ka ba?” tanong sa kanya ng babaeng nakasalamin.

May hawak itong tray na may kape. Ang ibang kape ay natapon sa tray pati na rin sa T-shirt niya.

“Ano’ng nabanlian?” takang tanong niya rito. Pinupunasan nito ng tissue ang dibdib niyang natapunan ng kape.

“Sorry. Napaso ang ibig kong sabihin. Napaso ka ba?” tanong nito.

Sa halip na sumagot ay natawa siya. May kiliti kasi siya sa dibdib kung saan hagod nang hagod ang kamay nito.

“Ay, tama na. May kiliti ako d’yan.” Napabungisngis siya.

“Wag d’yan. May kiliti ako d’yan.” Sabay pang kumanta sina Andy at Pao na ginawang pambabae ang boses pagkatapos ay tumawa.

Napatingin sa kanila ang mga taong nakikipaglamay dahil sa maliit na eksena. Pati si Melissa na nasa terrace ay lumingon din sa kanila. May kausap itong lalaki. Tumingin siya kay Paolo at palihim na itinuro si Melissa.

“Okay lang ako, miss,” baling niya sa babaeng nakasalamín. Hawak na niya ang kamay nito para tigilan nito ang pagpupunas sa dibdib niya. Dagli nitong binawi ang kamay na parang napaso at umalis na.

“I think, I’ve met her somewhere before. Hindi ko lang maalala kung saan,” sabi niya pagkaalis nito. Hanggang sa makapasok sila sa kusina ay iniisip pa rin niya kung saan nga ba niya nakita si Miss Tapia.

“Ma, ano’ng pwede naming maitulong?” magalang na tanong ni Andy sa ina nang makarating sila sa kusina.

“Wala naman nang gagawin dahil kakaunti na ang bisita. Pwede n’yo bang palitan si Candy na magbantay kay Tom? Para makatulog siya,” sagot ni Tita Fanny habang naglilinis ng lababo.

“Sure, Ma.”

Pinuntahan na nila si Tita Candy sa sala. Naroon din si Miss Tapia.

“Tita, kami na po muna dito kay Tito Tom. Matulog po kayo kahit saglit lang,” sabi ni Andy paglapit nila.

Si Miss Tapia ay matalim pa rin ang tingin sa kanya.

“Sige, mga hijo. Kayo na muna ang bahala

dito. Bawal daw kasi na walang nagbabantay sa kabaong. Bueno, Mikaella, maiwan na kita, hija, at ako ay tutulog muna,” ani Tita Candy.

Tumango rito si Miss Tapia na Mikaella pala ang pangalan.

Madami nga pala talagang paniniwala ang mga taga-probinsya. Noong patay ang lolo niya ay hindi na niya masyadong maalala ang mga pamahiin.

Silang apat na naiwan sa sala ay pawang mga walang-imik. Nakakapagtakang hindi umaalis si Miss Tapia.

“Ah, miss, alam kong hindi maganda ang encounter natin kanina. Dahil tayo naman ay nakikiramay kay Tito Tom, maganda siguro na maging friends tayo,” sabi niya kay Mikaella nang lumapit siya para maupo sa tabi nito.

Sina Andy at Pao ay nakamata lang sa kanya at nagtataka sa mga ikinikilos niya. Hindi siya friendly pagdating sa mga babae. Ang talent niya ay mang-asar sa mga ito lalo na sa mga crush niya. Iyon ang paraan niya para mapalapit sa mga babaeng gusto niya at para mapansin siya.

Tumingin muna ang dalaga sa kanya na mukhang nagtataka saka sumagot. “Mikaella. Nice meeting you.” Iyon lang at tumingin na uli

ito sa kabaong.

Medyo suplada ang babae. Hindi rin niya maintindihan sa sarili kung bakit nakipagkaibigan siya rito. Bukod sa parang nakita na niya ito kung saan, there was something in her eyes. Parang nag-aalala ito.

“Lolo mo ba si Tito Tom? How are you related to Andy, then?” tanong niya rito.

Hindi siya susuko hangga’t di siya kinakausap nito.

“Bakit hindi si Andy ang tanungin mo? Di ba, magkaibigan kayo?” masungit na sagot nito na ni hindi man lang tumingin sa direksyon niya.

“Oo nga naman. Alam mo, masyado kang masungit. Sinabi ba sa ’yo ng boyfriend mo na magsungit ka para walang makaagaw sa ’yo?” Ayos lang kahit sungitan siya nito.

Nang lingunin niya ang mga kaibigan ay nakakunot ang noo ng dalawa habang nakatingin din sa kanya.

“Hindi ko kailangan ang opinyon mo. Kung naiinip kang magbantay kay Lolo, pwede ka nang matulog. Ako na lang ang magbabantay,” pagsusungit pa nito.

Kung marami siyang baong kulit, ito naman ay maraming baong sungit. Unlimited.

“Whoa! Don’t get me wrong. Gusto ko lang makipagkaibigan. That’s all,” paliwanag niya na itinaas pa ang dalawang kamay, nagpapakita ng pagsuko.

“Hindi ako nakikipagkaibigan sa lalaki,” may finality na sagot nito.

Mukhang walang dating ang pangungulit niya rito. Tumayo siya at bumalik sa upuan sa tabi ng mga kaibigan. Hindi sila nagsasalita pero nag-uusap ang mga mata nila. Nandidilat ang mga mata ng dalawa sa kanya.

Nagkibit-balikat lang si Sam.

May nakitang gitara si Andy malapit sa kabaong. Kinuha nito iyon at nagsimulang mag-pluck. Si Pao ang kumanta.

“Bakit naman tinapos mo agad ang kanta?” tanong niya kay Pao.

Sa kanilang tatlo ay ito ang may pinakamagandang boses. Mahilig itong kumanta, pero mas hilig nito ang Math kaya pinili nito ang maging engineer kaysa maging singer.

“Nakalimutan ko na ang ibang lyrics,” paliwanag nito na napakamot pa sa ulo.

Nag-concert na lang sila sa harap ng kabaong ni Tito Tom. Halinhinan sila ni Andy sa gitara at si Pao ay walang tigil sa pagkanta.

Alas tres ng madaling-araw nang may pumasok sa mariposa sa loob ng bahay.

“Naku, pinuntahan tayo ni Tito Tom. Tingnan n’yo ang paruparo. D’on pa talaga dumapo sa kabaong,” sabi ni Pao na unang nakapansin sa mariposa.

“Si Tito Tom ’yang paru-paro?” nagtatakang tanong niya Pao.

“Ayon sa matatanda, pag daw may pumuntang hayop o insekto, ’yon daw ’yong namatay,” proud na paliwanag sa kanila ni Pao.

“Kailan ka pa nausuhan ng mga sinasabi ng matatanda?” sabat ni Andy.

“Well, kanina lang. Narinig kong pinaguusapan ng mga nakikiramay.”



“Ateng, hindi mo man lang ako sinabihan na madami palang gwapo dito. Sana ay nakapaggown ako,” bulong sa kanya ni Kristyn. Nagpunta ang mga co-teachers niya nang mabalitaan ng mga ito na namatay ang lolo niya.

“Alin bang gwapo ang tinutukoy mo?” tanong niya rito.

“Alin pa ba? Eh, di ’yang mga hunks na ’yan. Sino ba sila, Ateng? Bakit naligaw sila dito?” usisa pa nito sa kanya.

“Stepson ni Lolo Tom ’yong lalaking naka-green na T-shirt. ‘Yong dalawa, kaibigan niya,” paliwanag niya sa intrigerang kaibigan.

“Kaya pala hindi ka pumasok ngayon dahil may mga gwapo dito. Ano, kumusta? May nagugustuhan ka ba sa kanila?”

“Ewan ko sa ’yo.” Kapag kinontra pa niya ito ay tiyak na mauuwi lang sa diskusyon.

“Defensive ka, Ateng. Look, ang gwapo n’ung naka-white shirt,” kinikilig na bulong nito sa kanya. Baka kasi marinig ng ibang co-teachers kaya pabulong-bulong na parang bubuyog si Kristyn.

Nilingon ni Elay ang tinuro nito nang palihim. Nakita niyang ang makulit na lalaki ang naka-white. Ito ang lalaking natapunan niya ng kape, iyong tanong nang tanong sa kanya kaninang madaling-araw habang nagbabantay sila kay Lolo Tom.

“Alam mo ang names nila?” Interesado yata talaga si Kristyn. Sabagay, halos lahat ng nakikiramay sa kanila ay nagtatanong kung sino ang tatlo. Mukha raw mayaman kahit na simpleng T-shirt at shorts lang ang suot.

“Akala ko ba makikiramay ka kaya ka nagpunta?” nangongonsyensyang tanong niya.

“Ateng naman, hindi bagay sa ’yo ang magdrama. Okay na sa ’yo maging teacher. Huwag ka na pumasok sa showbiz.” Hindi ito tinablan ng ginawa niya. Napakakulit din ng kaibigan niya. Kasing-kulit ng lalaking naka-white shirt.

Mayamaya lamang ay nagpaalam na ang mga co-teachers niya. Si Kristyn ay nagpaiwan at mukhang walang balak umuwi ngayong gabi.

“Miss, gusto mo ng kape?” Narinig niyang tanong ng lalaking naka-white shirt kay Kristyn. Iniwan muna niya ito saglit para salubungin si Tito Luis, kapatid ng ama niya, kasama ang asawa nito. Inihatid muna niya ang mga ito sa loob ng bahay bago lumabas para pinuntahan si Kristyn at naabutan nga na magkausap na ito ng lalaking nag-alok dito ng kape.

Nagtatawanan pa ang dalawa. Bakit parang masyadong mabilis na naging close ang dalawang iyon?

“Ang cool pala talaga maging architect. Dito kasi sa lugar namin ay puro mga teachers ang profession,” narinig niyang sabi ni Kristyn sa lalaki. May paghampas pang nalalaman ang kaibigan niya. Obvious na kinikilig ito kay Sam.

“Hindi naman mahalaga kung ano ang

profession mo, ang mahalaga ay mahal mo ang ginagawa mo,” kalmadong sagot ng lalaki. Walang halong yabang ang pagsasalita nito.

Napreskuhan lang siguro siya sa pangungulit nito. Bakit nga ba ang kulit-kulit nito kaninang madaling-araw?